# FILIPINO

## Baitang 8 Yunit 6

# Dahil sa Teknolohiya, Kalikasa'y Nasira

## Talaan ng Nilalaman

Introduksyon 3
Basahin Natin 4
Sagutin Natin 5

**Aralin 1: Ang Balagtasan** **6**
Layunin Natin
Sagutin Natin
Subukan Natin
Isaisip Natin
Pag-isipan Natin

**Aralin 2: Kahulugan ng Salita: Masisining o Mga Eupemistikong Pahayag** **12**
Layunin Natin
Sagutin Natin
Subukan Natin
Isaisip Natin
Pag-isipan Natin

**Aralin 3: Mga Hudyat ng Pagsang-ayon at Pagsalungat** **16**
Layunin Natin
Sagutin Natin
Subukan Natin
Isaisip Natin
Pag-isipan Natin



Copyright © 2018 Quipper Limited

**Aralin 4:** **Pagbibigay Opinyon at Katuwiran** 22
Layunin Natin
Sagutin Natin
Subukan Natin
Isaisip Natin
Pag-isipan Natin

Gawin Natin 28
Paglalagom 30
Dapat Tandaan 31
Payamanin Natin 32
Susi sa Pagwawasto 32
Sanggunian 35



Copyright © 2018 Quipper Limited

# Dahil sa Teknolohiya, Kalikasa’y Nasisira

Tayong mga Pilipino ay mahilig magpahayag ng opinyon o saloobin sa anumang bagay at isyu, kaya naman karaniwang nakabubuo ng isang pagtatalo at balitaktakan. Ang pinakamatandang anyo ng pagtatalo ay ang balagtasan.

Ang **balagtasan** ay uri ng pagtatalo ng dalawang magkaibang panig ukol sa isang paksa. Hinango mula sa pangalan ni *Francisco Balagtas*, kung saan inilalahad ng sining na ito ang isang uri ng panitikan na kung saan ipinapahayag ang mga saloobin o pangangatwiran sa pamamagitan ng pananalitang may mga tugma sa huli.

Kaugnay nito, sa isang balagtasan na ating babasahin at tatalakayin; mabibigyang-pokus natin ang kahalagahan ng teknolohiya sa ating mga gawain, komunikasyon sa iba at sa lahat ng bagay kung saan napabibilis ang mga gawain sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya. Matutunghayan rin natin sa balagtasan ang dalawang panig tungkol sa paggamit ng modernong teknolohiya at ang pagkawala ng kalikasan dulot nito.

Sa yunit na ito, aalamin natin ang kahulugan, elemento, at katangian ng balagtasan; eupemistiko o masining na pahayag na ginagamit sa balagtasan; ang mga hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat sa pagpapahayag ng opinyon; at ang pagbibigay ng opinyon at katuwiran tungkol sa paksa ng balagtasan.



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Basahin Natin

# Dahil sa Teknolohiya, Kalikasa'y Nasisira

**Lakandiwa:**

Magandang umaga po sa mga panauhin
Ako po ang inihalal na sa inyo'y magbibilin
Ang lakandiwa na may gustong sambitin
Na ang lahat ng bagay sa mundo ay may katapusan din.

Itong balagtasa'y akin ng binubuksan
Nang ang dalawang panig ay lumagay sa katahimikan
Tagisan ng talino patungkol sa kalikasan
Halina kayo't dito'y magtalastasan

**Sally :**

Magandang Umaga po sa inyo
Ako po ang babaeng nagmula pa sa Antipolo
Nais magbilin at ikrus sa noo ninyo
Na ang kalikasan ay pangalagaan ninyo

Hindi ba kayo naawa sa ating kalikasan?
Ang mga ibong malaya, ngayo'y nasa kulungan
Mga ilog at dagat na may pawang katahimikan
Hindi nyo ba napapansin ito'y suntok sa buwan

Hindi nga baga ito'y dahil sa bagong teknolohiya
Dahil dito'y nakakapanting ng tenga
Oras na upang magdilat na ang ating mga mata
Tuldukan na at alisin na sa alaala

**Roy :**

Magandang umaga po sa mga panauhin
Ako po ang lalaking nagmula pa sa Camiguin
Ngayon ay nasa harap niyo at handang sagutin
Mga katanungan patungkol sa kalikasan natin


Copyright © 2018 Quipper Limited

Aking katunggali, kung hindi mo mamarapatin
Ang makabagong teknolohiya ay may maitutulong rin
Nais kong ipahatid na ito'y bigatin
Lalong higit, sa pang araw-araw nating mga gawain

Sally: Oo nga't ang mga yan ay may naitutulong
Ngunit ang mga tulong ay saan ba hahantong?
Pagkasira ng kalikasa'y muli nanamang uusbong
Modernong teknolohiya, hatid sa tao'y pagkalulong

Roy : Kung para sa iyo'y, ito'y nagsisilbing droga
Ngunit para sa akin ito'y isang malaking biyaya
Biyaya na hulog ng Diyos
Tanggapin natin ito buong tagos.

Lakandiwa: Marahil nararapat ng wakasan
Itong inyong tagisan at talastasan
Sapagkat maaaring ito'y walang patunguhan
Lalo't ang mga tanong ay nabigyang kasagutan

Ngayo'y narinig na ang panig mo Roy at Sally
Napagtanto ko na si Sally ang tama
Kalikasan nati'y nasisira na nga
Dahil sa paggamit ng makabagong teknolohiya.

## Sagutin Natin

1. Ano ang paksa ng balagtasan?
2. Paano inilahad ng bawat panig ang kanilang katuwiran sa paksa?
3. Ano ang naging hantol ng lakandiwa sa pagtatapos ng balagtasan?



Copyright © 2018 Quipper Limited

# Aralin 1
# Ang Balagtasan

## Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang natutukoy ang kahulugan, mga elemento, at katangian ng balagtasan.

## Pag-aralan Natin

Ang **balagtasan** ay uri ng pagtatalo ng dalawang magkaibang panig tungkol sa isang partikular na paksa. Hinango ang balagtasan mula sa pangalan ni **Francisco Baltazar,** na mas kilala sa pangalang **Francisco Balagtas** at tinawag na *"Prinsipe ng Panulaang Tagalog."* Inilalahad ang sining at ipinapahayag ang mga saloobin o pangangatwiran sa pamamagitan ng pananalitang may mga tugma sa huli. Nasa anyong patula ito, makabuluhan at gumagamit ng maririkit at matatalinhagang salita ang isang iskrip ng balagtasan.





Copyright © 2018 Quipper Limited

Dalawang Katangian ng Balagtasan:
Ayon kay **Patrocinio Villafuerte** (2009),

Naghahatid ng kasiyahan sa pagtuklas ng kariktan ng tula

Nababasa ng mga mambibigkas ang sining ng pagpapaliwanag, pangangatuwiran, pagtatalo, pagbibigkas at interpretasyon sa tula.

Ang balagtasan ay kadalasang binubuo ng tatlong magtatanghal na may dalawang magkasalungat ang pananaw at isang tagapamagitan na tinatawag na **LAKANDIWA** (lalaki) o **LAKAMBINI** (babae). Mayroon ding mga hurado na siyang maghuhusga kung sino ang mananalo. Inaasahan ang panitikang ito na linangin ang paraan ng pagpapahayag ng mga patulang argumento ngunit maaari din itong manlibang sa pamamagitan ng katatawanan, anghang ng pang-aasar, pambihirang talas ng isip at dramatikong pagpapahayag.

## Kasaysayan ng Balagtasan

Unang nagsimula ang balagtasan sa Pilipinas noong Abril 6, 1924 na nilikha ng mga pangkat ng manunulat para alalahanin ang kapanganakan ng bantog na makata ng ating lahi na si Francisco Balagtas. Ginawa nila ang unang balagtasan na may tatlong hanay ng mga makata na ipinapahayag ng isang naka-iskrip na pagtatanggol. Binatay nila ang anyo sa mas naunang mga uri ng pagtatalo na gumagamit din ng elemento ng tula katulad ng *karagatan, huwego de prenda at duplo*.


Copyright © 2018 Quipper Limited

Tatlong magkapares ang lumahok sa unang balagtasan sa *Instituto de Mujeres* na matatagpuan sa Tondo, Maynila. Si Rafael Olay laban kay Tomas de Jesus, Amado V. Hernandez laban kay Guillermo Holandez at Jose Corazon de Jesus laban kay Florentino Collantes. Sa mga lumahok, sina (Huseng Batute) at Florentino Collantes (Kuntil Butil), isang rin manunulat mula sa Bulacan ang nakatanggap ng pinakasiglang tugon mula sa madla. **"Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan"** ang pamagat ng kanilang paksang kanilang pinagtalunan na sinulat nilang pareho. Ang dalawang ito ang nanomina sa pangalawang paghaharap.

- **ABRIL 6, 1924** – unang nagsimula ang Balagtasan sa Pilipinas
- **JOSE CORAZON DE JESUS** – itinanghal na Unang Hari ng Balagtasan
- **PEDRO BUKANEG** – Ama ng Panitikang Ilokano
- **JUAN CRISOSTOMO SOTTO** – Ama ng Panitikang Kapampangan

Dahil sa matagumpay na pagtanggap ng publiko kina De Jesus at Collantes, naghanda ang nag-organisa ng mga ilang pang mga balagtasan na kinakasangkutan ng dalawa. Dahil sa talino ng dalawa naghanda sila ng balagtasan na walang iskrip noong Oktubre 18, 1925 sa Olimpikong Istadyum sa Maynila upang lalo pa silang masubok.Ang naging paksa nila ay **"Ang Dalagang Filipina: Noon at Ngayon."** Kinuha ni De Jesus ang panig ng kababaihan noon samantalang pinili ni Collantes naman ang kababaihan ngayon. Sa katapusan ng balagtasan, nanalo si De Jesus at tinanghal na Unang Hari ng Balagtasan.


Makalipas ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naging paboritong aliwan ang balagtasan. Gumawa pati ang mga makata sa ibang mga wika sa Pilipinas ng sarili nilang bersyon katulad ng **Bukanegan** ng mga Ilokano (mula sa apelyido ng makatang Ilokanong si Pedro Bukaneg) at ang **Crisottan** ng mga Pampango (mula sa pangalan ng Kapampangang makata na si Juan Crisostomo Sotto).

## Elemento ng Balagtasan

Ang balagtasan, tulad ng ibang akdang pampanitikan ay nagtataglay ng mahahalagang elemento. Ang bawat isa sa mga elementong ito ay nararapat na malinang nang husto sa kabuuan ng akda o iskrip upang higit na mapahalagahan ng mga mambabasa o manonood.



Copyright © 2018 Quipper Limited




## Layunin ng Balagtasan

1. Ang mga isyung pinagtutuunan ng pansin sa balagtasan ay malalim at kritikal kaya naman isa sa layunin nito ang magbigay-aliw sa pamamagitan ng paghahalo ng katatawanan.
2. Mahasa ang talas ng isipan ng mga mambabalagtas
3. Maipahayag ang saloobin, opinyon at kaalaman ng mambabalagtas sa paksang pagtatalunan

Sa kasalukuyang panahon, masasabing hindi pa rin nawawala ang balagtasan subalit naiba man ang katawagan, magkapareho pa rin ng layunin na magpahayag ng saloobin, opinyon at kaalaman ang tagapagsalita at kapwa sila nagpapakita ng kulturang Pilipino. Tinatawag na ***FLIPTOP BATTLE*** ang makabagong anyo ng balagtasan. Patok na patok ito sa millenials dahil nahahasa rin ang kanilang husay sa paggawa ng tula at pagsasalita sa madla.


Copyright © 2018 Quipper Limited

## Sagutin Natin

1. Ano ang balagtasan?
2. Bakit tinaguriang "Ama ng Balagtasan" sina Jose Corazon de Jesus?
3. Ano ang mahahalagang elemento ng balagtasan?

## Subukan Natin

**Sagutin ang sumusunod na mga tanong:**

1. Paano nagsimula ang balagtasan sa Pilipinas?
2. Isa-isahin ang mga layunin ng balagtasan.

## Isaisip Natin

Bilang isang kabataan sa kasalukuyang panahon, paano mo mapahahalagahan ang balagtasan bilang ating panitikan? `



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Pag-isipan Natin

Tukuyin ang hinihinging kasagutan sa bawat bilang.

_______ 1. Ano ang tawag sa tagapamagitan sa dalawang nagtatalo sa balagtasan?

_______ 2. Ano ang paksang pinagtalunan sa pangalawang paghaharap ng mga makata sa balagtasan?

_______ 3. Siya ang tinaguriang "Ama ng Balagtasan."

_______ 4. Kailan unang nagsimula ang balagtasan sa Pilipinas?

_______ 5. Ito ang uri ng pagtatalo ng dalawang magkaibang panig tungkol sa isang partikular na paksa.

_______ 6. Ano ang paksang pinagtalunan sa unang paghaharap sa balagtasan na ginanap sa *Instituto de Mujeres?*

_______ 7. Ito ang tawag sa bersyon ng balagtasan ng mga Ilokano na isinunod sa Ama ng kanilang Panitikang Ilokano na si Pedro Bukaneg.

_______ 8. Siya ang muling nakaharap ni Jose Corazon De Jesus sa panglawang paghaharap sa tagisan ng balagtasan.

_______ 9. Siya ang tinaguriang "Prinsipe ng Panulaang Tagalog" at siyang pinaghanguan ng katagang *balagtasan.*

_______ 10. Ito ang tawag sa bersyon ng balagtasan ng mga Kapamapangan na isinunod sa Ama ng kanilang Panitikang Kapampangan na si Juan Crisostomo Sotto.



Copyright © 2018 Quipper Limited

# Aralin 2

# Kahulugan ng Salita: Masisining o Mga Euphemistikong Pahayag

## Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay naipaliliwanag ang mga eupimistiko o masining na pahayag na ginamit sa balagtasan.

## Pag-aralan Natin



Ang wikang Filipino ay tunay na maunlad sapagkat taglay nito ang mga namumukod na katangian gaya na lamang ng pagkakaroon nito ng masistemang balangkas, ginagamit ito sa komunikasyon, isinasalamin nito ang ating kultura at higit sa lahat ang pagiging daynamiko o patuloy na nagbabago ng Filipino kaya nakabubuo ang tao ng iba pang salita sa tulong ng kahulugan ng isang salita. Ang mga katangiang ito ng wika rin ay ang batayan kung bakit lubusan itong nakatutulong sa pagpapahayag ng damdamin, saloobin at opinyon sa isang bagay kaya naman mahalaga na ang mga salitang gagamitin sa pagpapahayag ay angkop sa lahat.



Copyright © 2018 Quipper Limited

Ang pagpapahayag sa pamamagitan ng pagsasalita ay isa sa likas na gawain ng tao kung saan naipahahatid mo ang iyong nais iparating o ipadama sa iyong tagapakinig o kinakausap. Subalit alam naman natin na sa ating pagsasalita ay maaring makapagpahayag ng mga salitang maaring makasakit ng damdamin o di kaya ay hindi maging maganda sa pandinig kaya naman upang mas maging maganda, masining at mas katanggap-tanggap ang ating mga wika o salitang isinasaad ay gumagamit tayo ng mga *eupemistikong pahayag, ano nga ba ang mga ito?*

**EUPEMISTIKONGPAHAYAG** O **MASINING NA PAHAYAG**

Ang mga pahayag o salitang hindi kakikitaan ng karahasan at katahasan. Ito ay mga pahayag na matalinhaga na ginagamit upang maitago ang tunay na kahulugan ng salita. Tumutukoy ang eupemistikong pahayag sa paggamit ng mga salitang **nagpapagaan sa bigat ng realidad.** Ginagamit ito sa pagsasalita maging sa pagsulat upang hindi lubos na makasakit ng damdamin na magdudulot ng pagkalungkot o pagkagalit ng taong kausap. Sa tulong ng eupemistikong pahayag, nagiging malumanay ang isang salita sa negatibong mensahe o kahulugan nito.

Malaki ang pinagkaiba ng karaniwang salitang ating ginagamit sa mga eupemistikong pahayag. Masasabing ang eupemistikong pahayag o badyang pangpalubag-loob ay ang pagpapalit ng salitang mas magandang pakinggan kaysa sa salitang masyadong matalim, bulgar, o bastos na tuwirang nakapananakit ng damdamin o hindi maganda sa pandinig.

Ang mga eupemestikong pahayag ay lubusang ginagamit sa balagtasan sapagkat ito ay nagbibigay kasiningan sa pahayag at higit sa lahat sa pamamagitan nito ay nagkakaroon ng paggalang sa pagpapahayag ng katwiran sa panig na iyong ipinaglalaban kaya naman balikan natin ang binasang balagtasan ukol sa paksang *Dahil sa Teknolohiya, Kalikasa'y Nasisira*at tukuyin natin ang mga eupemistikong pahayag na ginamit



Copyright © 2018 Quipper Limited

**Halimbawa:**

***Tagisan ng talino*** *patungkol sa kalikasan*

- Tagisan ng talino - pagtatalo o debate

*Nais magbilin at* ***ikrus sa noo*** *ninyo*

- Ikrus sa noo- pakatandaan

*Hindi nyo ba napapansin ito'y* ***suntok sa buwan***

- Suntok sa buwan- mahirap abutin

*Dahil dito'y* ***nakakapanting ng tenga***

- Nakakapanting ng tenga- nagalit, naiinis

*Oras na upang* ***magdilat na ang ating mga mata***

- Magdilat ng mata- mag-isip-isp nang mabuti

**Iba pang halimbawa ng mga epemistikong pahayag na maaring gamitin:**

- Sumakabilang-buhay – patay na
- Hinahabol ng plantsa – lukot ang damit
- Makikipag-isang dibdib – magpapakasal
- Nagdildil ng asin – naghirap



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Sagutin Natin

1. Ano ang eupemistikong pahayag?
2. Bakit ginagamit ang eupemistikong pahayag sa pagsulat o pagsasalita?
3. Ano ang pinagkaiba ng eupemistikong pahayag sa karaniwang salitang ginagamit?

## Subukan Natin

**Sagutin ang sumusunod na mga tanong:**

1. Ano ang isang katangian ng wikang Filipino na nagpapatunay na ito ay nagbabago?
2. Bakit gumagamit ng mga eupemistikong pahayag sa balagtasan?

## Isaisip Natin

Sa iyong palagay, bakit mahalagang maalam tayo sa matatalinhaga o eupemistikong pahayag hindi lamang sa balagtasan ngunit maging sa pakikipag-usap sa kapwa?



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Pag-isipan Natin

Sa loob ng kahon, pumili ng tatlong eupemestikong pahayag. Tukuyin ang kahulugan nito at gamitin sa makabuluhang pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| basing sisiw | malikot ang kamay | kaibigan |
| Mahirap | dedo | butas ang bulsa |
| lumaki ang ulo | nagdadalang tao | duwag |

| Eupemistikong pahayag | Kahulugan | Pangungusap |
|---|---|---|
| **1.**<br>**2.**<br>**3.**<br>**4.**<br>**5.** | | |

# Aralin 3

# Mga Hudyat ng Pagsang-ayon at Pagsalungat

## Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang nagagamit ang mga hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat sa paghahayag ng opinyon.



Copyright © 2018 Quipper Limited

# Pag-aralan Natin

Isa sa layunin ng balagtasan ay ang maganyak ang madla na pumanig sa kaisipang nais palutangin ng isang mambabalagtas. Nararapat lamang na ang bawat atake ng mambabalagtas ay pawang katotohanan lamang at makabuluhan. Sa pagbibigay ng saloobin sa isang bagay, nararapat na gumamit ng mga angkop na salita upang higit na maunawaan ang paksa at pagpapahayag.

Sa tuwing makikipagtalastasan, kinakailangan na piliin ang mga salitang gagamitin. Marapat na maipahayag ang panig nang malinaw at maayos. Ang pagsang-ayon at pagsalungat ukol sa paksa ay dapat mabigyang-diin kaya naman malaking tulong kung alam natin ang mga hudyat na ginagamit sa pagsang-ayon at pagsalungat na napakainam gamitin upang mas mabisa nating maihatid ang ating punto o katwiran lalo na sa isang balagtasan.


Tandaan na mahalaga ang paglalahad ng mga makatotohanang datos na susuporta sa iyong opinyon sa paksa na siyang ating inilalahad sa balagtasan. Ano nga ba talaga ang *paglalahad*?



Ang **paglalahad** ay isang anyo ng pagpapahayag na naglalayong mabigyang-linaw ang isang konsepto o kaisipan, bagay o paninindigan upang lubos na maunawaan ng nakikinig o bumabasa. Sa pamamagitan ng paglalahad ay nagiging ganap ang pagkatuto ng isang tao dahil nabibigyan siya ng pagkakataong makatuklas ng isang ideya o kaisipan na makapaghahatid sa kanya ng kasiyahan at kalinawan sa paksang pinag-uusapan. Maaring ang iyong inilalahad ay mga pawang katotohanan o opinyon lamang.



Copyright © 2018 Quipper Limited




Kaakibat ng paglalahad ng katotohanan ang pagbibigay ng sariling opinyon at saloobin sa isyung pagtutuunan ng pansin. Nakasalalay sa mabisang pakikipagtalastasan ang mabisang paghahatid ng mga kaisipan, kuro-kuro o mensahe. Sa pagpapahayag ng katotohanan, bilang mambabalagtas, isa sa katangiang dapat taglayin ang pagiging maalam at maraming baong katotohanan na maaaring maging dahilan sa pagpanalo ng pangangatwiran.

Sa pagpapahayag naman ng opinyon, hindi maiiwasan ang pagsalungat o pagsang-ayon lalo na sa anyo ng balagtasan. Bawat isang mambabalagtas ay may kaniya-kaniyang opinyong dapat nating igalang o irespeto ito man ay sang-ayon tayo o hindi. Kailangang maging magalang at malumanay sa pagbibigay ng opinyon upang maiwasan ang mapanakit ng damdamin ng iba.

## MGA HUDYAT NA GINAGAMIT SA PAGSALUNGAT AT PAGSANG-AYON SA PAGPAPAHAYAG NG OPINYON:

### 1. Pahayag sa Pagsang-ayon

Sa paggamit nito, nangangahulugang tinatanggap, pumapayag at nakikiisa sa isang pahayag o ideyang binitiwan ng mambabalagtas. Sumasang-ayon ka sa opinyon at saloobin niya at ang ilang hudyat na salita o pariralang ginagamit sa pagsang-ayon ay kabilang sa **pang-abay na panang-ayon** katulad ng sumusunod:


Copyright © 2018 Quipper Limited

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Bilib ako sa iyong sinasabi | Ganoon nga | Kaisa mo ako sa bahaging iyan | Iyan din ang palagay ko | Sang-ayon ako |
| Lubos akong nananalig | Tama ang sinabi mo | Tunay na | Ganyan din ang nasa isip ko | Totoong tama ang iyong sinabi |

- *Lubos akong nananalig* sa iyong tinuran na marapat na igalang ang ating kalikasan.
- *Sang-ayon ako*sa iyong opinyon.
- *Bilib ako sa iyong sinabi*, lubos na kahang-hanga ang iyong mga ipinahayag.
- *Kaisa ako sa bahaging iyan*, talagang nakasisira ng kalikasan ang makabagong teknolohiya.
- *Iyan din ang palagay ko*, mayroon din namang magandang epekto ang mga teknolohiya ngunit mas malaki ang pinsalang dulot nito sa ating kalikasan.

## 2. Pahayag sa Pagsalungat

Ginagamit ito tuwing hindi sumasang-ayon at mayroong pagtutol, pagtanggi pagtaliwas o pagkontra sa isang pahayag o ideyang binitawan ng mambabalagtas. Sa pagpapahayag nito, ginagamit ang **pang-abay na pananggi** tulad ng sumusunod:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ayaw ko ang pahayag na | Hindi ako naniniwala riyan | Hindi ako sang-ayon dahil | Hindi ko matatanggap ang iyong sinabi | Sumasalungat ako sa |
| Bakit hindi mo subukin ang | Mainaman nga sana pero | Tumututol ako sa iyong mungkahi | Hindi tayo magkasundo | Ikinalulungkot ko |

- *Hindi ako naniniwala riyan* sapagkat tandaan natin na ang mga teknolohiya ang nagpapadali sa ating mga gawain.
- *Ikinalulungkot ko* ang iyong katwiran ay hindi maganda sapagkat hindi mo binigyang-pansin ang magandang naidudulot nito sa atin.
- *Ayaw ko ang pahayag na* patungkol sa pagkasira ng kalikasan dahil sa teknolohiya sapagkat naniniwala akong ang dahilan ay ang kawalan ng disiplina.


Copyright © 2018 Quipper Limited

- *Bakit hindi mo subukin* ang pagtingin naman sa magandang naidudulot nito sa buhay natin.
- *Tumututol ako sa iyong mungkahi* sapagkat sigurado akong ito ay hindi makabubuti.

Sa tulong ng paggamit ng mga pahayag sa pagsang-ayon at pagsalungat sa isang balagtasan, higit na magiging maayos ang daloy ng pangangatwiran at pagpapahayag ng bawat panig.At higit sa lahat mas mabibigyang-diin mo ang iyong katwiran para ikaw ay magwagi sa isang pakikipagtalastasan tulad ng balagtasan.

## Sagutin Natin

1. Ano ang paglalahad na batay sa opinyon at batay sa katotohanan?
2. Ano ang dalawang hudyat na ginagamit sa pagsalungat at pagsang-ayon sa pagpapahayag ng opinyon?
3. Ano ang magandang dulot ng mga pahayag sa pagsang-ayon at pagsalungat sa isang balagtasan?

## Subukan Natin

1. Ano ang kahalagahan ng paglalahad sa pakikipagtalastasan o pakikipag-usap?
2. Paano mo ihahambing ang mga impormasyong katotohanan sa mga opinyon lamang?


Copyright © 2018 Quipper Limited

## Isaisip Natin

Sa kabuuan, paano nakatutulong ang mga hudyat ng sa pagsang-ayon at pagsalungat sa pkikipagtalastasan lalo na sa isang balagtasan?

## Pag-isipan Natin

Balikan ang paksa ng balagtasang tinalakay ukol sa "Dahil sa Teknolohiya, Kalikasa'y Nasira." Sumulat ng tig-limang pangungusap ng pagsang-ayon at pagsalungat ukol sa paksang ito, siguruhing gumamit ng mga hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat.

PAGSANG-AYON:

1. ______________________________

2. ______________________________

3. ______________________________

4. ______________________________

5. ______________________________

PAGSALUNGAT:

1. ______________________________

2. ______________________________

3. ______________________________



Copyright © 2018 Quipper Limited

4. ______________________________


5. ______________________________

# Aralin 4
# Pagbibigay ng Opinyon at Katuwiran

## Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang naibibigay ang opinyon at katuwiran tungkol sa paksa ng balagtasan.

## Pag-aralan Natin



Sa isang balagtasan, mahalaga na ang mambabalagtas ay magaling sa pagbibigay ng opinyon at pangangatwiran. Ang bawat panig ay may prinsipyong dapat patunayan. Kaya naman upang mahikayat ang madla na panigan o maniwala sa kaniya, mahusay dapat na inilalahad ng mambabalagtas ang kaniyang opinyon. Sa pagbibigay ng opinyon o pananaw sa isang paksang tinatalakay, maaari itong pasubalian ng



Copyright © 2018 Quipper Limited

iba. Ito ay isang paniniwala na mas malakas pa sa impresyon, mas mahina sa positibong kaalaman na bawat sa obserbasyon at eksperimento.

Bagaman ang balagtasan ay maihahalintulad sa debate dahil ito ay patalasan ng pangangatwiran sa panig ng taga-usig at tagapagtanggol at maaaring paiba-iba ang paksa. Ang pinagkaiba nila ay higit na masining ang pagpapahayag ng paksa dahil ito ay binibigkas ng patula samantalang ang debate naman ay karaniwang paraan ng paglalahad ang ginagamit.
At isa sa mahalagang salik ng balagtasan ay ang **pangangatuwiran**. Kinakailangan mahusay kang mangatwiran upang mahikayat ang mga tagapakinig sa iyong panig.

## PANGANGATUWIRAN

Ang pangangatuwiran ay ang pagbibigay ng dahilan, kadahilanan sa isang bagay o nagawang kilos. Sa balagtasan, tayo'y nangangatwiran kung hindi tayo sang-ayon o taliwas ang naisin na binanggit ng kabilang panig.

*Ayon kay Badayos* (2000), Ang **pangangatuwiran** ay isang pagpapahayag na nagbibigay ng sapat na katibayan o patunay upang ang isang panukala ay maging katanggap-tanggap o kapani-paniwala. Layunin nito na hikayatin ang mga tagapakinig na tanggapin ang kawastuhan ang kanilang pananalig o paniniwala sa pamamagitan ng makatwirang pagpapahayag.

*Sinabi naman ni Arrogante* (1999), Ang **pangangatuwiran** ay katotohaanan ay pinagtitibay o pinatutunayan sa pamamagitan ng mga katuwiran o rason.

Ang pangangatuwiran ay isang sining sapagkat ang paggamit nang wasto, angkop at magandang pananalita ay makatutulong upang mahikayat na mapakinggan, tanggapin at paniniwalaan ng nakikinig o manonood ang nais patunayan ng mambabalagtas.

Ang pangangatuwiran ay isa ring kasanayan dahil ang kahusayan ay maaaring matamo ninoman subalit hindi sa paraang madali at sa maikling panahon lamang. Nangangailangan ng ibayong kasanayan sa pangangatwiran.



Copyright © 2018 Quipper Limited

## MGA DAHILAN NG PANGANGATUWIRAN

1. Upang mabigyang-linaw ang isang mahalagang usapin o isyu.
2. Upang maipagtanggol ang sarili sa mali o masamang propaganda laban sa mambabalagtas
3. Makapagbahagi ng kaalaman sa ibang tao
4. Makapagpahayag ng saloobin o opinyon

Ang isang mambabalagtas ay dapat nagtataglay ng angking kagalingan sa pangangatwiran dahil ito ang magiging sandata nila pagdating na sumalang na sila sa isang balagtasan. Hindi lamang ito armas sa pakikipagtagisan ngunit marami ring napapaunlad na kasanayan sa pangangatwiran.

Sa mga pagkakataong lumalahok ang isang indibidwal sa isang balagtasan, paniguradong marami siyang matutunan at mahahasa ang kaniyang kakayahan kaya sa ibaba ay mababasa ang mga dahilang nalilinang ng balagtasan.

1. Wasto at mabilis na pag-iisip
2. Lohikong paghahanay ng mga kaisipan
3. Maayos at mabisang pagsasalita
4. Maingat na pagkilala at pagsusuri ng tama at maling katwiran
5. Pagpapahalaga sa kagandahang asal gaya ng pagtitimpi o pagpipigil ng sarili at pag-unawa sa mga karaniwang inilahad ng iba o pagtanggap sa nararapat na kapasyahan.

Kaugnay din nito, mayroong dalawang uri ang pangangatuwiran:

**PANGANGATUWIRANG PABUOD O INDUKTIBO**

- Nagsisimula ang pangangatwirang ito sa pagbibigay ng halimbawa o partikular na kaisipan o katotohanan at nagtatapos naman sa pangkalahatang simulain o katotohanan.

**PANGANGATUWIRANG PASAKLAW O PEDAKTIBO**

- Sinisimulan ang pangangatwiran sa pamamagitan ng paglalahad ng pangkalahatan o masaklaw na pangyayari o katotohanan. Mula rito ay iisa-isahing ilalahad ang maliliit o tiyak na pangyayari o katotohanan.



Copyright © 2018 Quipper Limited

Kaakibat ng pangangatuwiran ang pagbibigay opinyon. Ang pagbibigay o paglalahad ng **opinyon** ay batay sa makatotohanang pangyayari. Sa balagtasan, ipinahahayag ng mambabalagtas ang kanilang saloobin o opinyon sa isang partikular na isyung binibigyang-pansin. Ang isang opinyon ay hindi mapapatunayang tama o mali dahil sariling opinyon ng mambabalagtas ang kaniyang inilalahad subalit ang epektibong paglalahad ng opinyon ay batay sa katotohanan.

Bahagi na ng ating buhay ang pagbibigay ng opinyon sa mga pangyayaring nagaganap sa ating paligid. Sa pagbibigay opinyon, makabubuti kung tayo ay may sapat na kaalaman sa paksang pag-uusapan upang masuri ang mga bagay at maging katanggap-tanggap ang mga opinyon. Kailangan nating malaman ano nga ba ang mga pahayag na maaring gamitin pagbibigay ng opinyon na maaring magpatatag ng ating katwiran at nagpapahiwatig ng neutral na opinyon.

## MGA PAHAYAG NA NAGBIBIGAY NG OPINYON

### PAHAYAG SA PAGBIBIGAY NG MATATAG NA OPINYON:

1. Buong igting kong sinusuportahan ang
2. Kumbinsido akong
3. Lubos kong pinaniniwalaan
4. Labis akong naninindigan na
5. Talagang
6. Sigurado akong

### PAHAYAG SA PAGBIBIGAY NG NEUTRAL NA OPINYON:

1. Kung ako ang tatanungin
2. Kung hindi ako nagkakamali
3. Sa aking palagay
4. Sa tingin ko


Copyright © 2018 Quipper Limited

5. Sa totoo lang
6. Sa aking pananaw

Sa pagbibigay ng opinyon at pangangatwiran, mahalagang matutuhan natin ang wastong gamit ng mga salita upang maging kapani-paniwala o kahika-hikayat ang pagpapahayag.

Tandaan natin na sa anumang paraan ng pakikipagtalastasan maging ito man ay balagtasan o anumang pakikipag-usap, kinakailangan na maiparating natin ang atig katwiran o panig sa isang paksa sa paraang nauunawaan at nakapanghihikayat. Marapat na huwag nating kalimutan ang mga paraan ng pagbibigay katwiran at paglalahad ng opinyon ngunit huwag rin kaliligtaan ang maging magalang sa lahat ng pagkakataon.

## Sagutin Natin

1. Ano ang pangangatuwiran?
2. Ano ang pinagkaiba ng dalawang pangangatuwiran?
3. Bakit mahalaga na maayos ang mga salitang ating gagamitin sa pagbibigay ng opinyon at pangangatuwiran?

## Subukan Natin

**Sagutin ang sumusunod na mga tanong:**

1. Ano ang mga dahilan bakit tayo naglalahad ng ating pangangatwiran?
2. Isa-isahin ang mga kakayahang nalilinang ng paglalahad nang mahusay na paglalahad ng pangangatwiran sa isang balagtasan.


Copyright © 2018 Quipper Limited

## Isaisip Natin

Sa iyong palagay, bakit kailangan pang mailahad nang maayos at mahusay ang opinyon at pangangatuwiran sa isang balagtasan o maging sa anumang uri ng pakikipagtalastasan?

## Pag-isipan Natin

Isulat ang **P** kung ang inilahad na kaalaman sa bawat bilang ay ukol sa PANGNGATUWIRAN, **O** naman kung ukol sa OPINYON.

_____ 1. Ang dalawang uri ng paglalahad nito ay induktibo at pedaktibo.

_____ 2. Isa sa dahilan bakit tayo naglalahad nito ay upang mabigyang-linaw ang isang mahalagang usapin o isyu.

_____ 3. Ang paglalahad o pagbibigay nito ay batay sa makatotohanang pangyayari.

_____ 4. Bahagi na ng ating ating buhay ang paglalahad nito ukol sa mga kaganapan sa ating paligid.

_____ 5. Nalilinang ang wasto at mabilis na pag-iisip dito.


Copyright © 2018 Quipper Limited

# Gawin Natin

Gawin ang sumusunod:

**A.** Magsaliksik ng isang balagtasan at suriin ang mga elemento nito. Gumamit ng talahanayan o tsart sa pagsuri nito.

**B.** Pumili ng limang eupemistikong pahayag mula sa balagtasang iyong nasaliksik, ibigay ang kahulugan ng mga ito at gamitin sa makabuluhang pangugusap.

**C.** Bumuo ng mga pahayag na nagtataglay ng pagsang-ayon (3) at pagsalungat (3) batay sa balagtasang nasaliksik. Gumamit ng mga hudyat sa pagsang-ayon at pagsalungat.

**D.** Batay sa binasa o pinanood na balagtasan, bigay ang sariling opinyon at katwiran

- Limang naglalahad ng opinyon
- Limang naglalahad ng katwiran



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Rubrik sa Pagtataya

Itiman ang angkop na bilog. (5 ang pinakamataas, 1 ang pinakamababa)

| Pamantayan sa Pagbubuod | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| **1.**Mahusay ang pagsusuring isinagawa sa mga elemento ng balagtasang nasaliksik | | | | | |
| **2.**Naibigay ang tumpak na kahulugan at nagamit sa makabuluhang pangungusap ang mga eupemistikong pahayag sa balagtasang nasaliksik | | | | | |
| **3.**Nakabuo nang mga pahayag na panang-ayon at panalungat gamit ang mga hudyat batay sa paksa ng balagtasang nasaliksik | | | | | |
| **4.**Nailahad ang opinyon at katwiran ukol sa paksa ng balagtasang nasaliksik nang malinaw at maayos | | | | | |
| Kabuuang puntos: | | | | | |

**Interpretasyon:**

| | | |
|---|---|---|
| 16 – 20 | : | Napakahusay |
| 11 – 15 | : | Mahusay |
| 6 – 10 | : | Katamtaman |
| 1 – 5 | : | Nangangailangan pa ng pagsasanay |


Copyright © 2018 Quipper Limited

# Paglalagom

- **Balagtasan**
  - kahulugan
  - elemento
  - katangian
- **Masisining o Mga Euphemistikong Pahayag**
  - Matalinhagang pahayag
- **Mga Hudyat ng Pagsang-ayon at Pagsalungat**
  - Mga pahayag sa pagsang-ayon
  - Mga pahayag sa pagsalungat
- **Pagbibigay ng Opinyon at Katuwiran**
  - pangangatwiran
  - pagbibigay ng opinyon



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Dapat Tandaan

- Ayon kay Patrocinio Villafuerte (2009), may dalawang katangian ang **balagtasan**: (1) naghahatid ng kasiyahan sa pagtuklas ng kariktan ng tula, at (2) nababasa ng mga mambibigkas ang sining ng pagpapaliwanag, pangangatuwiran, pagtatalo, pagbibigkas at interpretasyon sa tula
- Masasabing ang **eupemistikong pahayag o badyang pangpalubag-loob** ay ang pagpapalit ng salitang mas magandang pakinggan kaysa sa salitang masyadong matalim, bulgar, o bastos na tuwirang nakapananakit ng damdamin o hindi maganda sa pandinig.
- Ang **paglalahad** ay isang anyo ng pagpapahayag na naglalayong mabigyang-linaw ang isang konsepto o kaisipan, bagay o paninindigan upang lubos na maunawaan ng nakikinig o bumabasa.
- Ang **katotohanan** ay isang pahayag na nagsasaad ng ideya o pangyayaring napatunayan at tanggap ng lahat na totoo at hindi mapapasubalian kahit sa ibang lugar samantalang ang **opinyon** naman ay isang pananaw ng isang tao o pangkat na maaaring totoo subalit maaaring pasubalian ng iba higit na sa balagtasan.
- May dalawang uri ng pangangatwiran: **pabuod at pasaklaw.**



Copyright © 2018 Quipper Limited

# Pagyamanin Natin

Ang sumusunod na mga video links ay maaaring panoorin para sa karagdagang impormasyon at malalim na talakayan.

- Fliptop: Modernong Balagtasan? | History
  https://www.youtube.com/watch?v=oCvskEKcmRY

- Pangangatwiran
  https://www.youtube.com/watch?v=EZPzOEJ-j8Q

# Susi sa Pagwawasto

## Aralin 1

### Subukan Natin

1. Nagsimula ang balagtasan sa Pilipinas noong Abril 6, 1924 na nilikha ng mga pangkat ng manunulat para alalahanin ang kapanganakan ng bantog na makata ng ating lahi na si Francisco Balagtas kung saan ginawa nila ang unang balagtasan na may tatlong hanay ng mga makata na ipinapahayag ng isang naka-iskrip na pagtatanggol. Binatay nila ang anyo sa mas naunang mga uri ng pagtatalo na gumagamit din ng elemento ng tula katulad ng karagatan, huwego de prenda at duplo.

2. Ang mga layunin ng balagtasan ay ang manlibang, mahasa ang talas at isipan at maipahayag ang saloobin, opinyon at kaalaman ukol sa isang paksa.


Copyright © 2018 Quipper Limited

## Isaisip Natin

Bilang isang kabataan sa kasalukuyang panahon, mapahahalagahan mo ang balagtasan sa pamamagitan ng pagsasabuhay pa in nito, maaring ipalaganap pa rin ito sa pamamagitan ng makabagong balagtasan gaya ng fliptop. Huwag rin kalimutan ang kahalagahan ng balagtasan sa ating panitikan at patuloy na ipagmalaki ito bilang bahagi ng ating kultura.

# Aralin 2

## Subukan Natin

1. Ang Wikang Filipino ay ***daynamiko*** kaya naman ito ay nagbabago.

2. Ang mga eupemestikong pahayag ay lubusang ginagamit sa balagtasan sapagkat ito ay nagbibigay kasiningan sa pahayag at higit sa lahat sa pamamagitan nito ay nagkakaroon ng paggalang sa pagpapahayag ng katwiran sa panig na iyong ipinaglalaban.

## Isaisip Natin

Mahalagang mainam tayo sa paggamit ng mga eupemistikong pahayag, hindi lamang sa balagtasan ngunit maging sa anumang uri ng pakikipagtalastasan sapagkat ang mg pahayag na ito ay ginagamit upang iwasan ang karahasan sa pananalita. At mahalaga ito upang hindi lubos na makasakit ng damdamin na maaring magdulot ng lungkot at galit sa iyong kausap.

# Aralin 3

## Subukan Natin

1. Mahalaga ang paglalahad sa pakikipagtalastasan sapagkat sa pamamagitan nito nabibigyang-linaw ang isang konsepto o kaisipan, bagay o paninindigan upang lubos na maunawaan ng iyong tagapakinig o mambabasa.

2. Ang **katotohanan** ay isang pahayag na nagsasaad ng ideya o pangyayaring napatunayan at tanggap ng lahat na totoo at hindi mapapasubalian kahit sa



Copyright © 2018 Quipper Limited

ibang lugar samantalang ang **opinyon** naman ay isang pananaw ng isang tao o pangkat na maaaring totoo subalit maaaring pasubalian ng iba higit na sa balagtasan.

## Isaisip Natin

Sa pamamagitan ng mga hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat, mas nagiging malinaw ang panig o katwiran nais mong iparating sa isang balagtasan. Lubos ding mauunawaan ng iyong katunggali at ng mga tagapakinig ang mga ilalahad mong datos at kung ano ang nais patunguhan ng iyong mga pahayag.

# Aralin 4

## Subukan Natin

1. Naglalahad tayo ng panganatwiran upang mabigyang-linaw ang isang mahalagang usapin o isyu, maipagtanggol ang sarili sa mali o masamang propaganda laban sa mambabalagtas, makapagbahagi ng kaalaman sa ibang tao at makapagpahayag ng saloobin o opinyon.
2. Sa paglalahd ng pangangatwiran sa isang balagtasan nalilinang ang wasto at mabilis na pag-iisip, lohikong paghahanay ng mga kaisipan, maayos at mabisang pagsasalita, maingat na pagkilala at pagsusuri ng tama at maling katwiran, at napapahalagahan sang kagandahang-asal gaya ng pagtitimpi.

## Isaisip Natin

Tandaan natin na sa anumang paraan ng pakikipagtalastasan maging ito man ay balagtasan o anumang pakikipag-usap, kinakailangan na maiparating natin ang atig katwiran o panig sa isang paksa nang maayos at mahusay upang maunawaan tayo n gating kausap at mahikayat natin silang sumang-ayon sa ating katwiran o opinyon.



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Sanggunian

Animoza, Imelda V. *Hiyas ng Diwa IV*. Quezon City: Abiva Publishing House, Inc. 2007.

Del Rosario, Mary Grace G. et. al. *PinagyamangPluma*. Quezon City: Phoenix Publishing House Inc., 2014.

Dominguez, Leticia F. *Hiyas ng Diwa III.* Quezon City: Abiva Publishing House, Inc., 2007.


Copyright © 2018 Quipper Limited